Volume 4 Issue 2
Apr - Jun 2024

# THE CURRENT

OPISYAL NA PAHAYAGANG PAMPAMAYANAN NG SEM-CALACA POWER CORPORATION
AT SOUTHWEST LUZON POWER GENERATION CORPORATION

(SUBSIDIARIES OF SEMIRARA MINING AND POWER CORPORATION)

## SCPC at SLPGC, wagi sa Tanghal at Parangal 2024

Pahina 6



### Ligtas ang may alam: 25 community members, nagsanay sa first aid

Pahina 3

### Reef ball installation, isinagawa sa Balayan, Batangas

Pahina 5

### Libreng Automotive Servicing Training, sinimulan na

Pahina 7

The Current NEW DESIGN - Q2 2024 - Volume 4, Issue 2_8 pages.indd 1 9/26/2024 10:25:32 AM



## Charlie V. Robles

Vice President and
Power Complex Manager

Bilang kasangga sa pag-unlad ng aming mga host communities, ikinalulugod namin ang pagkilala ng City of Calaca sa SCPC at SLPGC bilang "Nangunguna sa Responsableng Pagbabayad ng Buwis" sa Tanghal at Parangal 2024.

Sa ikalawang quarter ng taon, ipinagpatuloy rin natin ang mga programa para sa komunidad, gaya ng pagsasagawa ng mga health lecture, first aid, at automotive servicing training. Nagkaroon din ng iba't ibang clean up drive at reefball deployment sa Balayan para patuloy na mapangalagaan ang kapaligiran.

Asahan ninyong patuloy ang aming pakikiisa sa iba't ibang ahensya ng pamahalaan at komunidad upang makapagpatupad ng mga programa para sa mas progresibong pamayanan. Maraming salamat sa inyong walang sawang suporta.



## Bernard I. Carpio

Maintenance Manager,
Southwest Luzon Power
Generation Corporation

Isang mainit na pagbati sa ating mga impact communities at barangays!

Bilang Maintenance Manager ng Southwest Luzon Power Generation Corporation (SLPGC), layunin kong tiyakin na fully operational ang aming mga planta. Ang maigting na pagsunod sa pamantayan sa trabaho ay katumbas ng ligtas na mga empleyado at komunidad. Hatid din ng maayos na operations ang mas maraming oportunidad gaya ng trabaho para sa mga mamamayan.

Nais kong gamitin ang oportunidad na ito upang imbitahin ang mga kabataang nais mag on-the-job training (OJT) at cadetship sa aming kumpanya upang mahasa ang kanilang kaalaman at karanasan sa napiling kurso.

Mananatiling bukas ang aming pinto para sa mas maayos na ugnayan tungo sa ligtas, maayos, at positibong komunidad.

THE CURRENT

**Editorial Adviser:** Charlie V. Robles
**Editor in Chief:** Portia M. Vizconde
**Managing Editor:** Ellaine R. Macayan
Myrla D. Ong Gue
**Associate Editor:** Vincent M. Humarang
**Editorial Assistant:** Katlyn P. Rosales
**Layout & Design:** Jan Carlo P. De La Peña

Republic of the Philippines Department of Energy
Semirara Mining & Power Corporation
Sem-Calaca Power Corporation
Southwest Luzon Power Generation Corporation

## MGA NILALAMAN

**02** Mga Mensahe

**03** 77 blood bags nalikom sa voluntary blood donation drive
Ligtas ang may alam: 25 community members, nagsanay sa first aid

**04** Diabetes awareness lecture, isinagawa sa Brgy. Sampaga
SCPC at SLPGC nakilahok sa coastal clean-up sa Lungsod ng Calaca

**05** Reef ball installation, isinagawa sa Balayan, Batangas
Garbage drums ipinamahagi sa Brgy. Loma at Brgy. Puting Kahoy

**06** SCPC at SLPGC, wagi sa Tanghal at Parangal 2024
SCPC at SLPGC, ginawaran ng Plaque of Recognition

**07** TULONG at KALINGA: Upuan para sa senior citizens ng Brgy. Baclaran
Libreng Automotive Servicing Training, sinimulan na



# 77 blood bags nalikom sa voluntary blood donation drive

Mula sa 92 na mga empleyado, contractors at ilang skills trainees ng SCPC at SLPGC, matagumpay na nakalikom ng 77 blood bags ang ginanap na Voluntary Blood Donation Activity noong Hunyo 28, 2024.

Pinasalamatan ng kumpanya ang lahat ng mga lumahok na donors pati na rin ang Philippine Red Cross - Batangas Chapter, Nasugbu Branch sa patuloy nitong pagsuporta sa mga programang nakatuon sa Emergency Preparedness and Response simula pa noong taong 2022.

**77** Blood bags

**92** Blood donors










# Ligtas ang may alam: 25 community members, nagsanay sa first aid

Sa pagtutulungan ng Philippine Red Cross-Batangas Chapter, SCPC, at SLPGC, matagumpay na nakapagsagawa ng Standard First Aid and Basic Life Support with Automated External Defibrillator (AED) training noong Mayo 7-10, 2024 ang 25 na indibidwal mula sa Brgy. San Rafael, Pantay, at Camastilisan sa Calaca City at Brgy. Sampaga, Carenahan, at Caybunga sa Balayan.

Kasabay nito, nagsanay rin ang mga kalahok sa Emergency Evacuation Management na magagamit sa panahon ng pangangailangan. Ito ay parte ng layuning mabigyan ng sapat na kaalaman ang miyembro ng komunidad sa tamang paraan ng emergency response.





The Current NEW DESIGN - Q2 2024 - Volume 4, Issue 2_8 pages.indd 2-3
9/26/2024 10:25:35 AM



## Diabetes awareness lecture, isinagawa sa Brgy. Sampaga

Dinaluhan ng 21 barangay health workers at ilang barangay functionaries ng Brgy. Sampaga sa Balayan, Batangas ang Diabetes Milletus awareness lecture na sinagawa ng SCPC at SLPGC noong Abril 17, 2024, sa pangunguna ni Dr. Advent Genesis Araja.

Tinalakay dito ang mga sintomas at iba't ibang uri ng diabetes, at mga paraan upang mapanatiling malusog ang pangangatawan. Kasabay nito ay nagbahagi rin ang SCPC at SLPGC ng mga libreng gamot at vitamins para sa mga kabataan ng nasabing barangay.



KAPALIGIRAN



## SCPC at SLPGC nakilahok sa coastal clean-up sa Lungsod ng Calaca

Bilang bahagi ng ika-158 na kaarawan ni Gen. Eleuterio Marasigan, ang SCPC at SLPGC, kasama ang pamahalaan ng lungsod ng Calaca, non-government organizations (NGOs), Department of Education (DepEd) at iba pang private sectors ay nagtipon para sa matagumpay na pagsasagawa ng Calingaplaya Coastal Clean Up 2024.

Sa pangunguna ng Calaca City Environment and Natural Resources Office, layunin ng aktibidad na ito na mapanatili ang kalinisan ng mga coastal areas sa lungsod ng Calaca. Ang nasabing clean-up ay nakalikom ng 58 kilos ng recyclable wastes at 65 kilos ng residual wastes.



## Reef ball installation, isinagawa sa Balayan, Batangas

Sa pagtutulungan ng SCPC, SLPGC, LGU Balayan, at PROGREEN ay matagumpay na nai-deploy ang 43 reefballs sa Carenahan Fish Reserve and Fish Sanctuary noong May 27, 2024.

Ang nasabing fish reserve ay isang Marine Protected Area sa Brgy. Carenahan, Balayan Batangas. Ang programang ito ay bahagi ng reef rehabilitation efforts na naglalayong mapangalagaan ang mga tirahan ng isda at iba pang lamang-dagat para sa mas malusog at mayamang karagatan.





## Garbage drums ipinamahagi sa Brgy. Loma at Brgy. Puting Kahoy

Nagbigay ang SCPC at SLPGC ng tig-10 garbage drums sa Brgy. Loma at Brgy. Puting Kahoy bilang bahagi ng pakikiisa sa programang NASa Imis Ganda ng Lungsod ng Calaca.

Ang proyektong ito ay nagpapakita ng matibay na suporta ng kumpanya sa adbokasiyang pangkapaligiran ng lokal na pamahalaan upang mapanatili ang kalinisan ng komunidad.

*"Napakalaking tulong po nito sa aming barangay, lalo na po sa proyekto ng gobyerno. Maraming salamat po."*, Eugenio Gomez, Kapitan ng Brgy. Puting Kahoy.










The Current NEW DESIGN - Q2 2024 - Volume 4, Issue 2_8 pages.indd 4-5 9/26/2024 10:25:39 AM



# SCPC at SLPGC, wagi sa Tanghal at Parangal 2024

Ang SCPC at SLPGC ay pinarangalan ng Lungsod ng Calaca sa Tanghal at Parangal 2024 bilang "Nangunguna sa Responsableng Pagbabayad ng Buwis" noong Mayo 8, 2024.

Ang Tanghal at Parangal ay programa para kilalanin ang iba't ibang industry partners, agencies at institutions na tumutulong at kasangga nito sa pagpapaunlad ng Lungsod ng Calaca.




KOMUNIDAD



## SCPC at SLPGC, ginawaran ng Plaque of Recognition


Tumanggap ang SCPC at SLPGC ng Plaque of Recognition mula sa St. Raphael the Archangel Parochial School (SRAPS) Inc. noong Mayo 24, 2024, bilang pasasalamat sa pagpapatayo at pagpapanatili ng kaayusan ng SRAPS gymnasium simula pa noong 2014.

Dahil sa suporta ng mga nasabing kumpanya, ang SRAPS ay patuloy sa pagkamit ng kanilang layunin para sa mga mag-aaral at sa komunidad. *"Maraming salamat po sa inyong patuloy na pagsuporta at pagtulong sa amin at sa simbahan."*, pahayag ni Sr. Maria Victoria N. Perido, punongguro ng paaralan.



# TULONG at KALINGA: Upuan para sa senior citizens ng Brgy. Baclaran





Namahagi ng 300 pirasong upuan ang SCPC at SLPGC para sa asosasyon ng senior citizens ng Brgy. Baclaran, Balayan noong Mayo 14, 2024.

Ayon kay Felix S. Esguerra, Presidente ng Senior Citizen Association, taos-pusong pasasalamat ang kanilang ipinaaabot sa kumpanya dahil may magagamit na silang upuan sa kanilang mga pagpupulong at iba pang aktibidad.

EDUKASYON

# Libreng Automotive Servicing Training, sinimulan na





Matagumpay na naidaos ang orientation ng Automotive Servicing National Certificate I (NCI) Skills Training para sa 25 na indibidwal mula sa Lungsod ng Calaca at ilang karatig-bayan noong Mayo 2, 2024. Sa patuloy na pakikipag-ugnayan ng SCPC at SLPGC sa Tesda Batangas at Skillstech Batangas, isang pribadong technical vocational school, ay nakapag bahagi tayo ng mga libreng scholarship training vouchers sa ating mga beneficiaries.

Ang mga participants ay sasailalim sa 59-day training na susundan ng isang assessment sa darating na Hulyo. Ang mga makakapasa sa assessment ay magkakamit ng NCI certificate na makakatulong upang mas madaling makahanap ng trabaho.





The Current NEW DESIGN - Q2 2024 - Volume 4, Issue 2_8 pages.indd 6-7 9/26/2024 10:25:42 AM

We minimize our environmental impacts through responsible management of emissions and plant effluents monitoring. We conduct various monitoring activities regularly, all of which are routinely checked by the Department of Environment and Natural Resources (DENR). These quarterly monitoring activities are done with a DENR-accredited third-party consultant and results of which are validated through a separate Multi-partite Monitoring Team (MMT) validation activity.

## Plant Effluents

*The plants' wastewater discharges should comply with the standards before disposal into the receiving body of water.*

| | pH | B (Boron) | COD | Oil & Grease | Phosphate | TSS |
|---|---|---|---|---|---|---|
| SCPC | 8.6 | 4.72 | 49 | <1.0 | <0.08 | 2 |
| SLPGC | 8.5 | 5.53 | 173 | <1.0 | <0.09 | 12 |
| DENR Standards | 6.5-8.5 | 25 | 200 | 10 | 4 | 100 |

## Ambient Air Quality

*Ambient air quality is the surrounding air in the environment. Air must be clear and clean for everyone's health.*

| | TSP | PM10 | $NO_2$ | $SO_2$ | PM2.5 |
|---|---|---|---|---|---|
| UPWIND STATION (Brgy. Timbain, Calaca, Batangas) | 13 | 19 | 11 | <7 | 0 |
| DOWNWIND STATION (Brgy. Carenahan, Balayan, Batangas) | 30 | 30 | 8 | 7 | 8 |
| DENR Standards | 300 | 200 | 260 | 340 | 35 |

## Ambient Noise Quality

*The noise coming from plant operations are controlled so it does not affect the usual daily life of the community.*

***Noise becomes harmful when it exceeds 75 decibels (dB)***

| | Morning | Daytime | Evening | Nightime |
|---|---|---|---|---|
| In front of South Bay Terminal | 55 | 55 | 50 | 49 |
| Ouside Gate 1 | 55 | 54 | 52 | 49 |
| Intersection going to SLPGC | 53 | 55 | 53 | 49 |
| Dacanlao Highway | 56 | 57 | 54 | 50 |
| In front of M. Secreto's house | 54 | 63 | 55 | 51 |
| In front of A. Valencia's house | 55 | 65 | 56 | 52 |
| Water intake before Dacanlao Bridge | 54 | 57 | 54 | 51 |
| In front of SLPGC Water Intake | 55 | 55 | 52 | 50 |
| DENR Standards | 70 | 75 | 70 | 65 |

## PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Community Response Line: 0917 1003 876
Email: communityrelations@semcalaca.com
communityrelations.cpc2021@gmail.com

facebook.com/SMPCEmpoweringOthers
www.semiraramining.com
youtube.com/@semirarampc

SEM-CALACA POWER CORPORATION
SOUTHWEST LUZON Power Generation Corporation

The Current NEW DESIGN - Q2 2024 - Volume 4, Issue 2_8 pages.indd 8 9/26/2024 10:25:42 AM